

Mga Mapagkukunan kaugnay ng COVID-19 para sa mga Indibidwal na Hindi Dokumentado o Hindi Naka-insure

Nakapokus ang Estado ng New Jersey sa pag-insure na lahat ng tao, anuman ang katayuan sa imigrasyon at/o sila man ay may insurance na pangkalusugan o wala, at protektado mula sa outbreak at makakatanggap ng angkop na pagsusuri at paggagamot. Dapat makipag-usap ka sa isang propesyonal sa medikal tungkol sa kung kailan at paano hahanap ng pagsusuri at paggagamot. Mangyaring basahin nang maingat ang sumusunod na impormasyon:

Kuwalipikado ba ako sa pagsusuri sa COVID-19?

- ✓ Dapat na nakatira ka sa New Jersey.
- ✓ May ubo, lagnat, at pangangapos ng paghinga.
- ✓ Kumpletohin ang **COVID-19 Symptom Checker** sa <https://self.covid19.nj.gov/> para malaman kung dapat kang masuri para sa COVID-19. Tutulong sa iyo ang tool na malaman kung ano ang mga aksyon na puwede mong gawin para maprotektahan ang iyong kalusugan at ang kalusugan ng iyong mga mahal sa buhay.

Saan ako makakapagpasuri?

- 1** Sa mga **Drive-thru Testing Center**. Basahin ang bawat kinakailangan ng testing center bago ka umalis sa iyong bahay. Para sa listahan ng lugar ng pagsusuri at mga kinakailangan sa pagbisita. <https://covid19.nj.gov/faqs/nj-information/testing-information/where-are-testing-centers-in-new-jersey>
Halaga: Ito ay *libre*.
- 2** **Federally Qualified Health Centers (FQHC) (Sentro ng Kalusugan na Kuwalipikado ng Pederal)** Nagbibigay ang Federally Qualified Health Centers (FQHC) ng pangangalagang pangkalusugan at pagsusuri sa COVID-19 nang walang gagastusin ang mga tao na walang insurance at walang kinikilangan anuman ang katayuan sa imigrasyon. Pakitawagan ang iyong Federally Qualified Health Center patiuna para sa **pagiging available** at **mga tagubilin**. Matatagpuan ang listahan ng Federally Qualified Health Center sa: <https://www.nj.gov/health/fhs/primarycare/fqhc/>.
Halaga: Ito ay *libre*.
- 3** **Mga Ospital - Prgramang Kawanggawang Pangangalaga**. Wala nang gagastusin sa pagsusuri sa COVID-19 para sa mga indibidwal na hindi naka-insure na kuwalipikado para sa kawanggawang pangangalaga. Matatagpuan ang Impormasyon tungkol sa Progremanng Kawanggawang Pangangalaga sa: <https://www.nj.gov/health/charitycare/>. Dapat makipag-usap ka sa isang tagapabigay ng serbisyong medikal bago ka pumunta sa inyong lokal na ospital.

Mga Mapagkukunan kaugnay ng COVID-19 para sa mga Indibidwal na Hindi Dokumentado o Hindi Naka-insure

Tuntunin sa Public Charge:

Ano ang Public Charge?

Ang ilang taong nag-a-apply para sa green card (ligal na permanenteng naninirahan) o visa para makapasok sa U.S. Ay dapat makapasa sa pagsusulit sa “public charge” Hinihilingan ng “public charge” ang isang tao na ipakitang sila ay hindi aasa sa mga espesipikong programa ng pamahalaan. Isinasaalang-alang ng bagong pagsusuri sa public charge ang mga: Supplemental Nutrition Assistance Program (SNAP, EBT, mga Food Stamp), tulong na Federal Public Housing and Section 8, Medicaid (maliban sa mga serbisyong emergency, mga batang wala pang 21 taong gulang, mga buntis at mga bagong ina), at mga programang tulong na pera (tulad ng SSI, TANF, Pangkalahatang Tulong). Mangyaring sumangguni sa iyong tagabigay ng mga serbisyong ligal kung mayroon kang mga tanong.

Puwede ba akong masuri kahit na Public Charge Rule?



Oo, Kinumpirma ng mga opisyal ng imigrasyon na ang pagsusuri, paggagamot, at pag-iwas na pangangalaga na kaugnay sa COVID-19 ay hindi makakaapekto sa pag-analisa sa public charge ng indibidwal.

Para sa higit pang impormasyon sa COVID-19:

Mangyaring bisitahin ang New Jersey Information Hub sa: <https://covid19.nj.gov/>.

Tumawag sa (General COVID-19 Questions): **2-1-1** (7a-11p)

Tumawag sa (Clinical Questions): **1-800-962-1253** (24/7)

I-text ang NJCOVID sa **898-211** para makatanggap ng mga alerto

Mental Health Hotline: **866-202-4357** (8a-8p)

